# Gabay sa Aplikasyon ng Claim para sa "Occupational Health & Safety Insurance" ("Sanjae Bohum") ng mga Dayuhang Manggagawang Naninirahan sa Korea

## ○ Ano ang "occupational health and safety insurance" ("sanjae bohum")?

- Ito ay sistema ng social insurance sa Korea kung saan ginagamit ang perang mula sa "sanjae bohum" upang maipagamot ang mga manggagawang naaksidente o nagkasakit dahil sa pagtatrabaho at kinakailangang magpagamot sa loob ng 4 na araw o higit pa. Ang insurance ay inilalaan din para mabayaran ang 70% ng average na sweldo habang sila'y nagpapagamot at hindi makapagtrabaho. Ginagamit din ang insurance na ito kapag namatay ang manggagawa upang maibigay ang benepisyo para sa pamilya ng pumanaw.
- Ang lahat ng mga dayuhang manggagawa, kahit na sila'y legal o ilegal, ay maaaring mag-apply at makatanggap ng benepisyo mula sa "sanjae bohum" gaya ng mga Koreano.

## ○ Proseso ng aplikasyon para sa "sanjae bohum" ng mga dayuhang manggagawa

- Sagutan ang "medical care application form" na makikita sa sentro o i-download ito mula sa website ng Korea Workers' Compensation and Welfare Service ("COMWEL") at saka ito isumite sa branch ng COMWEL na may sakop sa inyong kumpanya

※ Sa pagsasagawa ng pagsusuri tungkol sa aksidente, kinakailangan nilang tiyakin sa employer at sa manggagawa ang detalye tungkol sa pagtatrabaho at maaari rin silang humingi ng kaugnay na dokumento para dito. Kaya naman maaaring maantala ang pagbibigay ng desisyon dahil dito.

※ Kapag nag-apply para sa medical care para sa sakit na nakuha dahil sa pagtatrabaho, ang "Occupational Diseases Deciding Council" ang magpapasiya kung ito ba ay matuturing na sakit dahil sa pagtatrabaho

## ○ Talahanayan ng Proseso

Sagutan ang "Medical Care Application Form" → Isumite ito sa COMWEL → Pagpapasiya kung aaprubahan ang aplikasyon para sa "sanjae bohum" → Pagpapadala ng notipikasyon sa aplikante

## ○ Uri ng mga Benepisyo mula sa Insurance

| | |
|---|---|
| Medical Care Benefits | Pagpapapagamot ng manggagawang nangangailangang magpagamot sa medikal na institusyon sa Korea loob ng 4 na araw o higit pa dahil sa natamong pinsala o sakit habang nagtatrabaho |
| Temporary Disability Benefits | Pagbabayad ng 70% ng sweldo sa bawat araw na hindi makapagtrabaho ang manggagawa dahil kinakailangan niyang magpagamot sanhi ng natamong pinsala o sakit sa pagtatrabaho |
| Injury-disease Compensation Annuity | Pagbibigay ng "disability benefits" sa mga 2 taon na ang nakalipas nang unang pagpapapagamot subalit hindi pa rin gumagaling at kinikilala ng batas na kabilang sa "Pamantayan ng mga Hindi Nagagamot na Sakit" |
| Permanent Disability Benefits | Pagbibigay ng benepisyo sa pagkakaroon ng permanenteng kapansanan sanhi ng aksidente o pagkakasakit dahil sa pagtatrabaho kahit na natapos na ang pagpapapagamot. Ang ibibigay na benepisyo ay batay sa 14 na ranggo ng kategorya ng kapansanan (disability). |
| Survivors Benefit & Funeral Expenses | Pagbibigay ng pension (lumpsum) sa pamilya ng pumanaw na manggagawa bilang tulong sa kanilang pamumuhay. Ibibigay din sa kanila ang benepisyo para sa pambayad sa mga gastusin sa pagpapalibing. |